Vol.19 Tagalog

Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation



2021.9

## Furuhama Admission-free Day



Nais mo bang mag-enjoy ng beach sports sa ibabaw ng malambot at maputing buhangin?
Nagpaparenta kami ng mga kagamitan para sa beach volleyball, beach tennis, atbp. nang libre, at maaari kang makapag-enjoy ng iba't ibang mga beach sports. Nagbibigay din kami ng mga madadaling lecture para sa mga may nais.
Gumawa kami ng mga paraan upang ma-enjoy ito ng lahat mula sa mga bata hanggang matatanda, kaya't huwag mag-atubiling bisitahin kami kasama ang iyong buong pamilya!







**Kailan** Oktubre 5 ,2021(Martes), Oktubre 25 (Lunes)
Umaga / 10:00 am - 12:00 pm  Hapon / 1:00 pm - 4:00 pm

**Saan** Omori-Higashi Waterside Sports Area Beach Volleyball Main Court
1-37-1 Omori-Higashi, Ota-ku

**Ilang tao** Hanggang mga 15 katao at gagamit sila ayon sa kanilang pagkakasunod-sunod.

**Magkano** Libre

**Paano mag-apply** Ang pagtanggap ay gagawin sa mismong araw at lugar

**Makipag-ugnay sa**
Sports Promotion Division
☎ 03-5744-1441    FAX 03-5744-1539
E-mail  sports@city.ota.tokyo.jp

## Aplikasyon para sa admission sa daycare center mula Abril 2022 at konsultasyon sa Nursery Services Adviser

### Aplikasyon para sa admission sa lisensyadong Daycare Center

**Target na tao**

Mga bata na hindi makatanggap ng pangangalaga sa bahay dahil sa trabaho (pati ang naghahanap ng trabaho), sakit, panganganak, pag-aalaga, pagpasok sa paaralan, atbp. ng kanilang guardian

**Pamamahagi ng mga kinakailangan na dokumento**

Ang 2022 na bersyon ng "Guidebook para sa Aplikasyon para sa Admission" at ang kinakailangan na form para sa aplikasyon ay ipamamahagi mula Setyembre 27 (Lunes) sa lugar na papatunguhan ng mga aplikasyon, kaya't mangyaring kumpirmahin ang paraan ng aplikasyon, atbp. Ipo-post din ito sa website ng Ota City. Maaring i-download ang application form, atbp. Para sa mga may banyagang nasyonalidad, kinakailangan kumpirmahin ang kanilang status of residence.

**Paunawa**

Sobrang matao sa Nobyembre bawat taon. Mangyaring makipagtulungan sa pamamahagi ng panahon ng aplikasyon upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon ng novel coronavirus atbp. Mangyaring bumisita sa amin na may minimum na bilang ng tao na kinakailangan. Kung mayroon mga pagkain na hindi maaring kainin dahil sa relihiyon, mangyaring ipaliwanag ito sa oras ng aplikasyon.

**Pagtanggap sa Holiday**

Nobyembre 7,2021 (Linggo) 9:00 am - 4:00 pm
Isasagawa ang pagtanggap sa ika-3 palapag ng Ota City Office Nursery Services Division.

**Kailan** Oktubre 1 (Biyernes) - Nobyembre 30 (Martes), 2021

**Paano mag-apply** Dalhin ang mga kinakailangang dokumento sa lugar na patutunguhan para sa aplikasyon

**Makipag-ugnay sa**
Nursery Services Division
Nursery Usage Support Section
☎ 03-5744-1280 FAX 03-5744-1715
Para sa mga katanungan gamit ang email, magtungo sa ibabang bahagi ng website para sa itinalagang format.

### Konsultasyon sa Nursery Services Adviser

Magbibigay kami ng impormasyon tungkol sa mga pasilidad ng pag-aalaga ng bata at tumatanggap kami ng konsultasyon ukol sa pagpapalaki ng anak. Kinakailangang magpareserba para sa konsultasyon sa tanggapan. Mangyaring mag-apply sa pamamagitan ng telepono. Mangyaring kumpirmahin muna sa website dahil maaaring magkaroon ng kanselasyon depende sa kalagayan ng mga impeksyon ng novel coronavirus, atbp. Hindi kinakailangang magpareserba para sa konsultasyon sa telepono.

**Mag-apply sa**


Aplikasyon para sa admission sa lisensyadong Daycare Center

Ika-3 palapag ng Ota City Office Nursery Services Division Nursery Usage Support Section
5-13-14 Kamata, Ota-ku
☎ 03-5744-1280
Kung mayroong hindi maintindihan sa pagsagot ng application form, mayroong gustong ikonsulta, atbp., inirerekumenda namin na makipag-ugnay sa Nursery Services Division.

Pagtanggap ng reserbasyon para sa konsultation sa tanggapan ng Nursery Services Adviser

Nursery Services Division Nursery Usage Support Section Nursery Services Adviser
Oras ng pagtanggap 8:30 am - 5:00 pm
☎ 03-5744-1617

## Tungkol sa panuntunan at pamantayan sa kaligtasan ng trapiko sa bisikleta



Ang bilang ng mga aksidente sa trapiko sa Ota City ay bumababa nitong mga nakalipas na taon, ngunit ang porsyento ng mga aksidenteng kinasasangkutan ng mga bisikleta ay tumataas taon-taon. Ang bisikleta ay isang sasakyan. Sundin ang limang panuntunan para sa ligtas na paggamit ng mga bisikleta.

### Limang panuntunan para sa ligtas na paggamit ng mga bisikleta

1. Ang mga bisikleta ay karaniwang nasa roadway, maliban sa mga sidewalk(*)
2. Dumaan sa kaliwang bahagi ng roadway
3. Ang mga pedestrian ay bibigyan ng prayoridad sa mga sidewalk, at ang mga bisikleta ay marahang tatakbo sa tabi ng roadway.
4. Sundin ang mga panuntunan sa kaligtasan
   - Ipinagbabawal ang pagbibisikleta nang lasing, may angkas at pagbibisikleta magkatabi
   - Dapat buksan ang headlight sa gabi
   - Sa interseksyon, sundin ang traffic lights at stop sign, kumpirmahin ang kaligtasan
5. Ang mga bata ay dapat magsuot ng helmet

*Sa mga sumusunod na sitwasyon lamang maaaring magbisikleta sa sidewalk.
- Kapag ipinahiwatig ng mga palatandaan sa kalsada
- Kung ang nagmamaneho ay bata na edad mababa sa 13, matanda na edad 70 pataas, o may pisikal na kapansanan
- Kapag mapanganib ang pagdaan sa roadway dahil sa road construction o traffic jam

**Makipag-ugnay sa**
Urban Infrastructure Development Management Division
☎ 03-5744-1315 FAX 03-5744-1527

## Lumikha kami ng bersyon sa dayuhang wika para sa Checkbook para sa Pag-iwas Sakuna sa Aming Tahanan (Ingles / Intsik).

### 1 Buod

Nilikha at sinimulan na ang pamamahagi ng bersyon sa wikang Ingles at Intsik ng bersyon sa wikang Hapon na pamphlet sa pag-iwas sa sakuna, ang “Checkbook para sa Pag-iwas sa Sakuna sa Aming Tahanan” na nilikha noong 2019. Ang mga hakbang sa pag-iwas sa sakuna na nais gawin sa tahanan ay ipinapakilala sa sulating ito sa isang paraan na madaling maintindihan. Mangyaring i-tsek kung gaano kahanda ang iyong tahanan sa pag-iwas sa sakuna at gamitin ito sa pang-araw-araw na paghahanda para sa sakuna.

### 2 Mga Pangunahing nilalaman ng pamphlet

(1) Mga hakbang para sa sakunang gawa ng lindol
- a. Mga hakbang para sa pag-iwas sa pagbagsak ng mga kagamitan sa bahay
- b. Pag-iimbak sa loob ng tahanan
- c. Mga pagkilos kapag naganap ang lindol

(2) Mga hakbang para sa sakunang gawa ng bagyo at pagbaha
- a. Alamin ang tungkol sa lagay ng panahon gaya ng malakas na ulan at bagyo
- b. Mga hakbang para sa pagbaha / malakas na hangin sa mga bahay
- c. Mga dapat tandaan sa paglikas kapag may bagyo at pagbaha
- d. Gumawa at maghanda ng My Timeline

* Ang My Timeline ay tumutukoy sa isang “Personal na plano ng paglikas”, kung saan nakasaayos ang mga paunang pagkilos laban sa mga bagyo batay sa pagkasunod-sunod ng mga pangyayari.

### 3 Mga lugar ng distribusyon

Disaster Preparation and Crisis Management Division, bawat Branch Office, Household Residents Registry Division, Internationalization and Multiculturalism Promotion Division, City Policy Information Center, mics Ota

Maaari mo itong i-download mula sa website.

**Makipag-ugnay sa**
Disaster Preparation and Crisis Management Division
☎ 03-5744-1611　FAX 03-5744-1519　E-mail bousai@city.ota.tokyo.jp


## Katsu Kaishu Memorial Museum Espesyal na eksibisyon para sa Ika-2 anibersaryo ng museum “Pagku-krus ng Panginoon at Tagapaglingkod Yoshinobu x Kaishu”



Si Tokunaga Yoshinobu at Katsu Kaishu na “magkasamang lumaban” sa pagtatapos ng masalimuot na panahon ng Edo at humantong sa walang pagdanak ng dugo na pagbagsak ng Edo. Pagkatapos nito, si Yoshinobu ay namuhay sa Shizuoka nang matagal at patago, at si Kaishu ay nagpailalim sa gobyerno ng Meiji at sumali sa Kazoku. Anong uri ng mga damdamin ang magpapalitan sa pagitan ng panginoon at tagapaglingkod na ito sa likod ng ganitong daloy ng kasaysayan? Sa exhibit na ito, madidiskubre ang ugnayan sa pagitan ni Yoshinobu at Kaishu sa loob ng halos 30 taon mula sa mga materyales na koleksyon sa museo. Bilang karagdagan, sa research corner, naka-exhibit din ang liham ni Shibusawa Seiichiro, na siya ring pangunahing tauhan sa Taiga drama na “Seiten wo Tsuke” (Reach Beyond the Blue Sky), na ipinadala kay Kaishu kaagad pagkatapos ng walang pagdanak ng dugo na pagbagsak ng Edo.

### Kailan

Setyembre 17 (Biyernes) - Disyembre 12 (Linggo), 2021
Oras na bukas ang Museum 10:00 am～6:00 pm
* Lunes (susunod na araw kapag ito ay pista opisyal)
* Sarado mula Setyembre 13 (Lunes) - 16 (Huwebes) dahil sa pagpapalit ng exhibit
* Mangyaring kumpirmahin ang website ng Ota City para sa mga pinakabagong impormasyon.



### Magkano

Bayad sa pagpasok　Pangkalahatan 300 yen, elementary at junior high school 100 yen (may iba't-ibang discounts)

**Makipag-ugnay sa**
Katsu Kaishu Memorial Museum
☎ 03-6425-7608
FAX 03-6425-7610

# Kurso sa wikang Hapon para sa mga banyagang guardian "Let's read school notes/letters.



Namumroblema ka ba sa pagbabasa ng mga handouts mula sa paaralan? Aralin ang paraan sa pagbasa ng mga handouts, paraan sa paghanap ng mahahalagang bahagi, at mga salitang madalas lumitaw sa mga handouts. Mangyaring kumpirmahin ang website para sa mga detalye. * Mayroong childcare (kailangang mag-apply). Unang 3 tao (mula 1 taong gulang hanggang mga batang bago pumasok sa elementarya)

Mangyaring kumpirmahin ang website para sa mga detalye.

| | |
|---|---|
| Kailan | Oktubre 25 - Nobyembre 22, 2021<br>(tuwing Lunes, 5 beses sa kabuuan)<br>Oras: 10:00 am - 12:00 pm |
| Saan | Global City Ota Cooperation Association Meeting Room<br>(ika-5 palapag, 2-3-7 Sanno, Ota-ku) |
| Magkano | Libre |
| Ilang tao | Unang 15 katao |
| Target | Mga banyagang guardian na may anak sa elementary at junior high school. Mga nakakabasa ng hiragana at katakana |

# Kurso sa wikang Hapon para sa mga beginners

Ito ay klase para sa mga taong mag-aaral ng wikang Hapon sa unang pagkakataon. Maaari ring lumahok sa klase kahit na online.

**Nilalaman**

- Wikang Hapon para sa pang-araw-araw na pamumuhay (Wikang Hapon para sa restawran, ospital, post office, pamimili, mga sakuna at emerhensiya)
- Hiragana, Katakana

**Target na tao**

Residente / nagtatrabaho / mag-aaral sa Ota City

Mangyaring kumpirmahin ang website para sa mga detalye.

| | |
|---|---|
| Kailan | Oktubre 3 - Nobyembre 21, 2021 (tuwing Linggo, 8 beses sa kabuuan)<br>Oras: 1:00 pm - 3:00 pm |
| Saan | Consumer Affairs Center ika-1 palapag, mics Ota classroom (5-13-26 Kamata, Ota-ku) |
| Magkano | 1,500 yen (bayad sa textbook / materyales) |
| Ilang tao | 15 katao |

# Kursong "wikang Hapon para sa elderly care"

Mangyaring kumpirmahin ang website para sa mga detalye.

Pag-aaral ng "wikang Hapon para sa elderly care" at "Pakikipag-komunikasyon sa mga Hapon sa Trabaho" para magkaroon ng kapanatagan ng loob sa pagtatrabaho ang mga taong interesado sa trabaho sa elderly care o mga taong nagsimula na ng trabaho sa elderly care.

| | |
|---|---|
| Kailan | Oktubre 21 - Disyembre 9, 2021<br>(tuwing Huwebes, 8 beses sa kabuuan)<br>Oras: 1:30 pm - 4:30 pm |
| Saan | Consumer Center, ika-2 palapag, Assembly Room 4<br>(5-13-26 Kamata, Ota-ku) |
| Magkano | Libre |
| Ilang tao | 15 katao |

**Makipag-ugnay sa**

Global City Ota Cooperation Association (GOCA)
☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982

Inisyu ng Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
〒144-8621 5-chome-13-14 Kamata, Ota-ku ☎ 03-5744-1227 FAX 03-5744-1323